



Sangguniang Panglungsod

KAPASIAHANG PANLUNGSOD BILANG 13-269

KAPASIAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG AKREDITASYON NG ALABANG-SUCAT-BICUTAN-FTI-PASAY JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC., NA MATATAGPUAN SA SOUTH STATION, BARANGAY ALABANG, MUNTINLUPA CITY.

- Ipinanukala nina: **Kgg. Kon. Ringo A. Teves**
 Kasamang Nagpanukala: **Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro**
Kgg. Kon. Alexander B. Diaz
Kgg. Kon. Luvi P. Constantino
Kgg. Kon. Robert A. Abas
Kgg. Kon. Engr. Neptali S. Santiago
Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo
Kgg. Kon. Robert P. Baes
Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla
Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday

SAPAGKAT, Alinsunod sa *Seksiyon 34* ng *Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991*, ***“tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng lokal na awtonomiya”***;

SAPAGKAT, isinasaad ng ***Kautusang Panlungsod Bilang 01-024*** na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang **ALABANG-SUCAT-BICUTAN-FTI-PASAY JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC.**, ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibiyahe sa mga sumusunod na ruta:

- Alabang-Sucut via West Service Road;
- Alabang-Bicutan via West Service Road;
- Alabang-FTI-Pasay via West Service Road;

matapos itong makakuha ng prangkisa sa *Land Transportation Office Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB)*;

SAPAGKAT, ang **ALABANG-SUCAT-BICUTAN-FTI-PASAY JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC.**, ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng ***Ordinance No. 05-040***, na inamyendahan ng ***Ordinance No. 06-093*** ng Sangguniang Panlungsod;

SAPAGKAT, ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ordinansa para sa akreditasyon;

Sangguniang Panglungsod

Pahina 2**Kapasiyahang Panlungsod Bilang 13-269**

SAPAGKAT, ang akreditasyon ng **ALABANG-SUCAT-BICUTAN-FTI-PASAY JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC.**, ay magsisimula sa petsa ng pagpapatibay ng resolusyon na ito at magkakabisa ng **tatlong (3) taon**;

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng akreditasyon sa **ALABANG-SUCAT-BICUTAN-FTI-PASAY JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC.**, ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB) para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN, ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipinagkakaloob ang akreditasyon ng **ALABANG-SUCAT-BICUTAN-FTI PASAY JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC.**, na matatagpuan sa **South Station, Barangay Alabang, Muntinlupa City**.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang nasabing samahan.

PINAGTIBAY, ng 6th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **ika-10 ng Hunyo, 2013** sa ginanap na **ika-121st Regular na Sesyon**.

DISTRITO I:

KON. MGGL. RAUL R. CORRO
Miyembro

KON. ALEXANDER B. DIAZ
Miyembro

KON. RINGO A. TEVES
Miyembro

DISTRITO II:

KON. LUVI P. CONSTANTINO
Miyembro

KON. ROBERT A. ABAS
Miyembro

KON. INHR. NEPTALI S. SANTIAGO
Miyembro

KON. JOSELITO V. AREVALO
Miyembro

Sangguniang Panglungsod

Pahina 3
Kapasiyahang Panlungsod Bilang 13-269


KON. ROBERT P. BAES
Miyembro


KON. RAFAEL T. SEVILLA
Miyembro


KON. VERGEL C. ULANDAY
Miyembro

ABSENT:

KON. Mggi. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Miyembro

KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD
Miyembro

KON. BAL NIEFES
Miyembro

KON. ALLEN F. AMPAYA
Miyembro


KON. DAN HUBERT A. BARLIS
Miyembro

KON. ELMER S. ESPELETA
Miyembro


KON. ADORADO P. SAN PEDRO
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punonglungsod

KON. EULOGIO DS. DIOKO, II
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan


PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.


CECILIA C. LAZARTE
Kalihim

PINATUTUNAYAN:


ARTEMIO A. SIMUNDAC
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:


ALDRIN L. SAN PEDRO
Punonglungsod
Petsa: JUN 10 2013


Norie/6th SP